
GRADE IV

# MGA BANSANG NAKIPAGKALAKALAN SA PILIPINAS

## ALAMIN MO

Suriin mo ang mapang ito. Ano ang napapansin mo? Katangi-tangi ang kinalalagyang pangheograpiya ng Pilipinas, hindi ba?




Sa pag-aaral ng modyul na ito, matututuhan mo ang tungkol sa:

- *ruta ng kalakalan ng mga unang Pilipino*
- *paraan ng pakikipagkalakalan ng mga unang Pilipino sa mga dayuhan*
- *mga bansang nakikipagkalakalan sa Pilipinas at ang lokasyon ng mga ito*

## PAG-ARALAN MO

Tingnan mo ang kinalalagyan ng Pilipinas sa mapa sa unang pahina. Nasa dakong gitna ito ng Timog Silangang Asia kaya hindi maitatanggi na tayo ay bahagi ng kalakhang Asia. Dahil sa lokasyon ng bansa ang mga taong nagbubuhat sa iba't ibang lupain ng rehiyon ay madaling nakararating dito. Ang Pilipinas ay nasa dulong timog ng Taiwan, sa timog ay ang Brunei, Malaysia at Indonesia. Ang mga bansang Vietnam, Laos, Burma, Thailand at Kampuchea o Cambodia ay nasa kanlurang bahagi. Sapagkat nasa Timog Silangang Asia ang Pilipinas, napakadaling marating ito buhat sa Japan, China, Malaysia at Indonesia.


Nasa kabilang pahina ang isa pang mapa na nagpapakita ng Pilipinas at ng mga bansang maagang nakipag-ugnayan dito. Sa ibaba nito, makikita ang iskala at ang katumbas na 316 kilometro ng bawat sentimetrong sukat. Sa pamamagitan ng iskala, maaari mong tantiyahin ang lapit o layo ng isang bansa sa Pilipinas.

Gaano kalayo ang Pilipinas sa –

- *Indonesia?*
- *India?*
- *Malaysia?*
- *China?*

Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Mapa ng Pilipinas at ng Mga
Bansang Nakaugnayan Nito




Ang mga likas na daungan sa Pilipinas ay malalalim at malalawak. Kaya ang mga barkong mula sa mga bansang nakikipag-ugnayan ay madaling makadaong. Dahil sa lokasyong ito, nagkaroon ng pagkakataong makipag-ugnayan ang nga sinaunang Pilipino sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Nagmula ang ugnayang Pilipino at Arabe noong ikasiyam na dantaon. Pinagbawalan ang mga Tsino ng mga Arabe na dumaong sa dalampasigan ng Timog Tsina. Dahil dito, humanap sila ng ibang daungan. Ang Kalah sa Malaysia ang pinakamainam na daungan noon. Mula rito ay nakarating sila sa iba't ibang pook sa Pilipinas. Naghanap sila rito ng mga porselana at iba pang produktong maipagbibili nang mahal sa mga pamilihan sa Timog kanlurang Asia.

Sa kanilang paghahanap, natuklasan nila ang rutang dumaraan sa Borneo at Pilipinas patungong Formosa, ang bansang kilala ngayon sa tawag na Taiwan. Nakuha nila sa Taiwan ang lahat ng kanilang kailangan at kahit na tinanggap na sila sa daungan ng Timog Tsina ay patuloy pa rin silang nagpunta sa Taiwan.



Saang bahagi ng Asia naroon ang Pilipinas?
Anong mga bansa ang nasa timog ng Pilipinas?
Anong bahagi ng Pilipinas naroon ang Thailand at Cambodia?
Paano nagsimula ang ugnayang Pilipino at Arabe?
Alin ang pinakamainam na daungan kung papunta ng Pilipinas?
Aling ruta ang natuklasan ng mga Arabe?

Isulat mo ang mga sagot sa kuwadernong sagutan.

Ang mga Orang Dampuan o ang mga taong taga-Champa na kilala ngayon sa tawag na Vietnam at ang mga Orang Banjar na mga taong buhat sa Banjarmasin na nasa kanlurang Indonesia ay nakipagkalakalan rin sa Pilipinas. Nabalitaan nila ang magagandang perlas sa Sulu kaya dito sila dumaong noong ika-13 daantaon. Umunlad ang kalakalan sa Sulu sa pamamahala ng mga Orang Banjar. Dumaong dito ang mga barkong pangkalakal ng Cambodia, Tsina, Java at Sumatra.



Tagasaan ang mga Orang Dampuan?
Maituturo mo ba ito sa mapa?
Saan naroon ang Banjarmasin? Bakit sila nagpunta dito?
Bakit nagtungo rito ang mga barkong pangkalakal ng Cambodia?

Isulat mo ang mga sagot sa kuwadernong sagutan.

Ang ugnayan ng Pilipinas at India noong unang panahon ay hindi tuwiran. Sa pamamagitan ng mga bansang malayo na nabahiran ng kultura ng India naganap ang unang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa India. Dala ito ng mga dayuhang mula sa Java, Sumatra at Borneo.

Paano nagkaroon ng ugnayan ang Pilipinas at India?
Anu-ano pang mga bansa ang nagdala sa Pilipinas ng kulturang Hindu?

Isulat mong muli sa iyong kuwaderno ang sagot sa mga katanungan sa itaas.




Nagkaroon din ng pakikipag-ugnayan ang bansang Japan sa Pilipinas. Nagtayo ng pamayanan ang mga unang Hapones sa delta ng Ilog Cagayan, sa baybayin ng Golpo ng Lingayen at sa Maynila, bago pa man dumating ang mga Espanyol. Ang bayan ng Agoo sa may Golpo ng Lingayen ay naging maunlad na pook ng kalakalang Pilipino-Hapones kaya tinawag na Daungan ng Japan.

Saan nagtayo ng pamayanan ang mga unang Hapones sa bansa?
Bakit tinawag na daungan ng Japan ang bayan ng Agoo?

Naunawaan mo ba ang tungkol sa pakikipag-ugnayan ng Japan sa Pilipinas? Kung gayon, sagutin mo ang mga tanong at isulat na muli sa iyong kuwadernong sagutan.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang mga bansang nagkaroon ng pakikipag-ugnayan sa bansa, subukin mong alamin ang lokasyon ng bawat isa.

Tingnan mo ang Mapa ng Pilipinas at ng mga bansang nakaugnayan nito sa naunang pahina ng modyul. Gamitin mo ang iskala upang matantiya mo ang distansiya at lokasyon ng mga bansang Tsina, Arabia, India at Japan.

Isulat mo sa iyong kuwadernong sagutan ang distansiya at lokasyon ng bawat bansa.

Binabati kita sa matalino mong pagbabasa at pag-aaral.

Pumunta ka na sa susunod na gawain.


## PAGSANAYAN MO

A. Sagutin mo ang mga sumusunod na mga tanong.

1. Anu-anong bansa sa Asia ang nagkaroon ng pakikipag-ugnayan sa Pilipinas?

2. Ano ang dahilan ng pagpunta ng mga Arabo sa Pilipinas? ng mga Hindi? Hapones? Tsino?

B. Isulat ang mga pangalan ng bansang nakipag-ugnayan sa Pilipinas.



## TANDAAN MO

- *Pakikipagkalakalan ang unang nagbunsod sa mga dayuhan upang makipag-ugnayan sa mga Pilipino.*
- *Pagpapalitan ng produkto ang naganap na kalakalan sa pagitan ng mga katutubo at mga dayuhan*
- *Ang mga unang dayuhang nakipag-ugnayan sa bansa ay ang Tsina, Arabia, India at Japan.*
- *Ang Pilipinas ay nasa ruta ng mga mangangalakal kaya madali ang pagkikipag-ugnayan sa mga dayuhan.*

## ISAPUSO MO

Basahin mong mabuti ang mga sumusunod na tanong. Pangatwiranan mo ang iyong sagot. Gawin ito sa kwadernong sagutan.

A. Paano mo pahahalagahan ang ginawang pakikipag-ugnayan ng mga unang Pilipino sa mga dayuhang mangangalakal?

B. Ano ang kahalagahan para sa iyo ng pakikipag-ugnayan?


C. Dapat ka bang makipag-ugnayan sa ibang tao? Bakit?



## GAWIN MO

Gumawa ng talaan ng mga taong iyong nakaugnayan. Pagkatapos ay lumikha ka ng disenyo na magpapakita ng iyong pakikipag-ugnayan. Maaari kang mag-isip ng iba't ibang bagay na magiging sagisag nito. Kulayan ito pagkatapos.

Halimbawa:




Ipakita sa iyong guro ang natapos na likhang sining upang ito ay mabigyan ng kaukulang marka.

Ngayon naman, sukatin mo ang iyong natutuhan. Sagutin mo ang pagtataya sa ibaba. Isulat mo ang iyong sagot sa kwadernong sagutan.



## PAGTATAYA

A. Isulat ang paraan ng pakikipagkalakalan ng bansang may guhit na STAR sa mapa.




B. Taluntunin ang ruta ng kalakalang Arabe at Tsino. Isulat ang mga bansang nadaanan sa kanilang paglalakbay.

C. Isulat ang T sa kuwadernong sagutan kung ang ipinahahayag ng pangungusap ay tama at M kung mali. Kung mali isulat ang salitang nagpamali at itama.


1. Mahirap marating ang Pilipinas kaya walang kalakalang nangyari sa panahon ng mga ninuno.

2. Ang bansang Tsina ang may pinakamalaking pakikipag-ugnayan sa bansa.

3. Ang pagpapalitan ng mga produkto o barter ay paraan ng kalakalan na ginagawa pa hanggang ngayon.

4. Ang India, Tsina, Japan at Europa ang mga unang dayuhang nakikipag-ugnayan sa ating mga ninuno.

5. Walang kontribusyon sa kultura ng mga bansa sa Asia ang kulturang Pilipino.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.